

**CODE of
CONDUCT**



Panimula!

- Ang K-Code ang nagsisilbing gabay sa ating lahat upang hindi malihis sa mga kultura, pagpapahalaga, at pananaw na ating isinusulong sapagkat ang ating kredibilidad bilang isang tulong-institusyon ay nakasalalay kung ang ating mga empleyado ay kakikitaan ng kabutihang asal at pag-uugali sa pagtatrabaho.






Panimula!

- ▶ Ang K-Code ang siyang kumakatawan sa lahat ng mga prinsipyong tinitindigan ng organisasyon , ng pamunuan nito, at ng mga empleyado sa kabuuan. Ito ay naglalayon na maipabatid sa lahat ang mga nasabing prinsipyo, upang sa gayon ay maiwasan at mahadlangan ang anumang maling gawain.



Sentrong Pagpapahalaga (Core Values)



01

Pagkamasipag

02

Pagkamasikap

03

Pagkamasinop

04

Pagkamaunawain

05

Pagkamatulungin

06

Pagkamatapat



Gabay na Prinsipyo (Guiding Principles)

M

• Managing with Prudence

A

• Alleviation of Poverty

R

• Respect/Resourcefulness

C

• Collaboration and Cooperation

E

• Empowerment

L

• Learning Together

O

• Opportunity for Growth




ETIKA ng
KASAGANA-KA

1



Hindi ako iinom ng alak bago bumaba o habang bumababa at nakikisalamuha sa pamayanang nililingkuran ng Kasagana-ka. Kung di inaasahang maimbitahan upang lumagok ng baso ng alak ako ay tatanggi. Hindi kailanman ako maglalasing sa oras ng trabaho.






2

Hindi ko kailanman ibubunyag kaninuman ang anumang panloob na impormasyon ng tanggapan, o mga personal na buhay at pamilya ng kasama sa pamayanan. Tanging opisyal na pahayag lamang ng tanggapan ang aking ipaparating sa pamayanan.

3



Hindi ako kailanman magpapakalango sa bisyong gaya ng alak at mga bawal na gamot.






4

Hindi ako makikipag-relasyon romantiko man o sekswal sa mga taong napapabilang sa mga pamayanang pinagsisilbihan ng opisina. Kung ako ay makikipag-relasyon nang romantiko sa ibang tao, pananatilihin ko ang mataas na panukat ng moralidad upang magsilbi itong magandang halimbawa ng pakikipag-relasyon at hindi eskandalo na makasisira ng imahe ng institution.

5



Ako ay tatayo sa pamayanan bilang isang tagapamagitan sa nagtatalong mga tao o pangkat; hindi ako kikiling o mangingibabaw sa diskusyon at pagpapasya ng isang grupo at ng mga lider. Gagawin ko ang aking makakaya upang maging mahinahon at malawak ang pananaw sa lahat ng usapin sa pamayan at opisina.






6


Hindi ako makikikain sa bahay ng mga lider at kasapi ng Kasagana-ka. Hindi ako mangungutang kailanman sa pamayanang aking kinikilusan. Hindi ako tatanggap ng anumang suhol, pabuya, posisyon at kapangyarihan sa politiko't pamayanan.

7



7
Pangangalagaan ko ang lahat ng gamit at ari-arian ng opisina, mula sa mga munting papel hanggang sa mga kagamitan at kaperahang hinahawakan ko sa pagtupad ng aking trabaho.






8




Igagagalang ko ang karapatang
manahimik at mapag-isa ng aking kapwa.



9



Darating ako sa takdang oras ng lahat ng pagpupulong ng tanggapan at mga sentrong aking kinikilusan. liwasan ang pagliban sa trabaho nang walang sapat na dahilan.






10




Aalisin ko ang sobrang pagbibiro,
panlalait, pamimintas, na nakakasama sa
mga ugnayan sa tanggapan.



11



Palilitawin ko ang katotohanan sa aking sarili at lipunan. Hindi ako magsisinungaling kapag ako'y nag-uulat sa tanggapan, at tanging tapat na dokumentasyon lamang ang aking isasagawa.







12




Igagagalang ko ang opinyon ng bawat isa
at lalawakan ko ang pang-unawa at
pakikinig.



13



liwasan ko ang paninirang-moral na nakakawasak ng dignidad ng isang tao.







14




Hindi ako magiging sanhi ng demoralisasyon ng kasama. Bagkus, nais kong sa akin manggaling ang lakas at suporta para sa samahan.



15



Hindi ko gagamitin ang kapwa bilang tuntungan sa pag-abot ng mapansariling hangarin. Sa aking kahinaan, hindi ko sila idaramay. Sa kanilang tagumpay, ako'y makikipagdiwang. Sa kanilang kabiguan, ako'y lubos na makikiramay.







16




Ipababatid ko sa tanggapan ang lahat ng aking gagawin at pupuntahan sa oras ng aking pagtrabaho. Palagi akong magtatakda ng locator chart at magpapaalam ng plano sa aking team.



17



Ako ay magsusuot ng disenteng kasuotan kapag nasa trabaho.







18




Hindi ako makikipag-relasyong romantiko sa aking kasamahan sa team. Kung hindi ko ito maiwasan, ako ay kusang-loob na magpapalipat sa ibang team.




19



Bawal matulog ng sabay ang babae at lalaki sa mga opisina ng institusyon, maliban kung may pahintulot ng supervisor.






20



Bawal ang pag-inom ng alak sa mga opisina ng institusyon, maliban kung may okasyon at may pahintulot ng supervisor.





Thanks!

CREDITS: This presentation template was created by [Slidesgo](#), including icons by [Flaticon](#), and infographics & images by [Freepik](#).

